



Pinahabang mga oras sa City Hall ng Brampton Oktubre 20 at 21 at Nobyembre 17 at 18 para sa pagbabayad ng buwis sa ari-arian, sa pamamagitan ng appointment lamang

BRAMPTON, ON (Oktubre 15, 2020) –Pinahaba ng Lungsod ang mga oras nito sa City Hall sa sumusunod na mga petsa para sa mga residente at mga negosyo para bayaran ang kanilang mga buwis sa ari-arian:

- Martes, Oktubre 20
- Miyerkules, Oktubre 21
- Martes, Nobyembre 17
- Miyerkules, Nobyembre 18

Ang mga pinahabang oras ng operation ay 8:30 am hanggang 8 pm. Para bayaran ang mga buwis ng ari-arian sa City Hall, kailangang maunang magpa-book ng appointment ang mga residente sa [website ng Lungsod ng Brampton](#).

Ang mga due date ng buwis sa ari-arian ay makikita [rito](#).

Ang mga residente ay pinapaalalahanan na ang mga appointment ay kinakailangan bago bumisita sa mga pasilidad ng Lungsod para sa mga personal na serbisyo sa Lungsod. Hindi pinapayagan ang mga walk-in o walang appointment. Maaaring ipa-book, i-reschedule at kanselahin ang appointment sa [website ng Lungsod](#).

May bilang ng alternatibong secure at kumbinyenteng mga paraan para magbayad ng [mga buwis sa ari-arian](#):

- Sa isang bangko o ibang pinansyal na institusyon
- Internet/telephone banking sa pamamagitan ng mga pinansyal na institusyon
- Tseke
- Pre-Authorized Tax Payment Plan

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca

Sa unang bahagi ng buwan na ito, [inaprubahan](#) ng Konseho ng Lungsod na suspendihin ang lahat ng tubo at mga multa para sa lampas na sa taning na mga bayarin sa buwis sa ari-arian hanggang Disyembre 31 para magbigay ng karagdagang pinansyal na tulong para sa mga residente at mga negosyo nitong mahirap na panahon. Ang lahat ng halaga ay kailangang matanggap ng Lungsod bago ang Disyembre 31, para maiwasan ang karagdagang mga multa at tubo mula sa pagkakatiapon sa anumang lampas na sa taning na balanse sa panahong iyon.

Para sa mga tanong tungkol sa mga appointment booking o mga bayad sa buwis sa ari-arian, pakitawag sa 311 o mag-email sa 311@brampton.ca para sa access sa 24/7 na suporta.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca